Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

# Antas ng Kasanayan sa Pagkilala at Pagsulat sa Teksto: Batayan sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat

Mark E. Ricohermoso, MAEd [1]
1 – Mindoro State University

Publication Date: July 27, 2025 DOI: 10.5281/zenodo.16873331

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng teksto ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Ito'y isinagawa mula Septiyembre 2024 hanggang Mayo 2025. Dalawang dalubguro at isang district quality assurance assesor mula sa dibisyon ng Marinduque ang sumuri sa talahanayan at talatanungang papel upang matiyak ang katumpakan ng pagtukoy sa kasanayan ng pagkilala at pagsulat ng teksto ng mga mag-aaral. Walumpu (80) mag-aaral sa baitang 7 ang kinuhaan ng datos.

Sa naging resulta ng pananaliksik na ito, napag-alamang mababa ang antas ng mag-aaral sa pagkilala ng teksto at may katamtamang kaalaman sa pagsulat ng teksto. Isa itong indikasyon na hindi matatag ang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral sa pagkilala at pagsulat ng teksto Filipino.

Kaya ang pag-aaral na ito ay nagnanais na mapunan ang mababang antas na kasanayang ito upang makapagsulat ng isang maayos at mainam na teksto gayundin sa pagkilala nito. Nagmungkahi ng mga gawain at hakbang upang mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala at pagsulat ng teksto. Bumuo rin ng isang sanayang-aklat at tinawag itong SHaTaP. Ito ang tutulong sa pagtamo ng mas mataas na kasanayan.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay tumugon sa pagkilala ng teksto at pagsulat sa tekstong impormasyonal, ekspositori, at prosidyural.

**Mahalagang Salita:** *pagkilala ng teksto, pagsulat ng teksto, sanayang-aklat, kasanayan*

## PANIMULA

Ang pagsulat ay mahalagang kasanayang nagbibigay daan para sa mga mag-aaral para sa kanilang malalim na pag-unawa, mabisang pakikipagtalastasan, at patuloy na pag-unlad ng kurikulum ng edukasyon. Napakahalagang tandaan na maraming halimbawa ng pasulat at pasalitang wika, gayundin ang konteksto ng *digitalisation* ng edukasyon. Ito ay bunga ng kakulangan ng kasanayan na humahadlang sa pag-unlad ng kakayahan ng mga estudyante patungkol sa kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at pagpapahayag ng iba't ibang ideya. Sa bansang Pilipinas, ang sistema ng edukasyon ay nilayong maging matatag upang maunawaan ang kalidad ng materyal na pinag-aralan. Isa sa pinakamahalagang aspeto ng sanayang-aklat ay ang sistematikong organisasyon at paggamit ng mga materyales. Hindi gaanong

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

nakakatulong ang sanayang-aklat sa pagpapaliwanag ng mga konsepto kundi nagsisilbing kasangkapan hanggang higit na mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng literasiya.

Katunayan nito, noong taong 2022 sa natapos na *Program for International Student Assessment (PISA)* na nilathala sa *oecd.org* (2023), ika-79 ang Pilipinas sa 81 na bansang lumahok sa daigdig. Ito ay isang pagsusulit na nilalahokan ng mga mag-aaral na may 15 taong gulang sa buong daigdig. Ang hindi kaaya-ayang resulta na nakuha ng Pilipinas ay isang indikasyon na mayroong mababang komprehensiyon ang mga mag-aaral sa Pilipinas. Ang kasanayang bumasa at sumulat ay mahalagang matutunan ng mga mag-aaral. Ang pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagpili at pagsulat ng iba't ibang teksto ay magiging daan upang maging matagumpay sila sa iba pang asignatura at buhay sa labas ng paaralan. Isa sa makrong kasanayan na matutuhan nang isang indibiduwal na kinakailangan upang malinang ang sariling kakayahan. Ang pakikinig, pagsasalita, at panonood ay mahalagang kasangkapan para sa pagbasa at maayos na pagsulat. Sa aspetong ito nagiging mas magaling ang isang indibiduwal sa larangan na kaniyang pipiliin o tatahakin sa buhay.

May dagok na kinaharap ang mga tao sa daigdig sa mga nagdaang taon, ito ay ang mabilisan at malawakang pagkalat ng *COVID-19* o pandemya. Sa mga panahong ito ang sistema ng edukasyon sa buong mundo ay natigil ng ilang buwan. Sa Pilipinas nahinto ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob ng dalawang taon at tanging sa tahanan lamang sila nagpatuloy ng kanilang pag-aaral o mas kilala sa tawag na *modular distance learning*. Ang panahong ito ay naging isang malaking balakid sa edukasyon upang maihatid ang dekalikad na proseso ng pagtuturo. Matapos ang pandemya nagkaroon ng agarang transisyon sa pagbabalik ng klase sa *face-to-face* na kung saan ang mga bata ay unti-unti ng nagsisimulang pumasok muli sa paaralan. Hindi naging madali ang lahat sa mga kaguruan ng Kagawaran ng Edukasyon sapagkat nagkaroon ng salik ang pagtigil ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan. Ang pagkalulong ng mga mag-aaral sa paggamit ng modernong teknolohiya katulad ng selpon, laptop at kompyuter ang isa sa mga naging salik nito.

Binigyang-pansin sa resulta ng pag-aaral ni Velazques (2023), na naging bahagi ng mas malawak na modernisasyon lalo na sa mga kabataan ang teknolohiya. Hindi lang ito maliit na bahagi ng kanilang buhay, tila ito ay isang malapit na kapalit ng hangin na kanilang nilalanghap at ng dugong kanilang idinadaloy. Makikita sa itaas ang hatirang pangmadla o *social media* ay naging takbuhan ng mga tao sa panahon ng pandemya, hindi na ito maikakaila pa na mas binibigyang pansin ng mga tao ang paggamit ng teknolohiya. Kung saan sa paraang ito sila ay nakapagsusulat ng mga mensahe na nais nilang maiparating sa kanilang kausap at pinapatungkulan ng kanilang emosyon o damdamin.

Ang pag-usbong ng mga teknolohiya ay nagbigay ng bagong opurtunidad para mapalawak ang kaalaman at mapabuti ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga teksto. Higit lalo sa paraang pasulat na gamit ang mga *online platforms* katulad ng *Messenger, Facebook, Twitter* at marami pang iba. Malaki ang naitulong nito upang mas mapabilis ang pakikipagkomunikasyon sa bawat isa. Ang paggamit ng mga modernisasyong teknolohiya ay may kaakibat na mga bagay na dapat isaalang-alang. Sa mabilis na pag-unlad nito ay ganoon rin kabilis ang pagkawala ng atensyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng tamang salita at wika sa paraan ng pakikipag-usap o paghahatid ng mensahe. Nawala sa pokus ang paraan ng kanilang pagsusulat ng mga mensahe na nais nilang maiparating kaya ang pagsukat ng tagumpay sa pagbabasa ay kinabibilangan ng dalawang karaniwang aspeto ito ay ang pagkilala sa salita at ang pagbaybay sa mga ito. Ang paraang ito ay sinusukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng mga salita, na dapat ay malinang sa kanilang isipan ang mahusay na pagkilala sa mga salitang kanilang binabasa upang hindi sila malito sa kanilang pagkakaunawa sa mga tekstong kanilang babasahin.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Madalas itong ginagawa sa pag-aaral upang suriin ang kakayahan ng mga mag-aaral para maging batayan sa mga interbensyong gagawin ng isang guro.

Ayon kina Castles at Coltheart (tulad ng nabanggit sa Muter et al., 2014), isang malapit na ugnayan ang umiiral sa bahaging pag-unlad ng kakayahan sa pagkilala ng salita tungo sa kamalayang ponolohikal. Kilala ito bilang sa mga sensitibong ponolohikal na pagkilala ng mga salita. Sinusugan ito ni (Goswami, 2015) na ang anumang ponolohikal na yunit sa loob ng isang salita ay may kakayahang makilala, kilalanin, at manipulahin. Isa ito sa paraan upang mas malinang ng mga estudyante ang kakayahan sa pagsusulat. Makakatulong sa sitwasyong ito ang kaalaman nila sa pagbaybay ng mga salita. Mas uunlad ang kanilang kaisipan sa paghasa at pagbaybay ng mga salita sa pagbabasa ng isang maayos at tamang babasahin.

Sang-ayon sa *DepEd Memorandum No. 001, s. 2024 and Regional Memorandum 43, s. 2024 on the Implementation of Catch-Up Fridays,* ito ay naglalayong mapataas ang kalidad ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin o teksto. Kadahilanang mas mababa ang kanilang kasanayan sa pagbabasa at pag-uunawa sa mga nabasang teksto. Kaya gumawa ng paraan ang Kagawaran ng Edukasyon upang mas mahasa ang kanilang kaalaman sa pagkilala at pagbabasa ng mga salita tuwing Biyernes ay magkakaroon ng isang malawakang pagkakasabay-sabay na pagbabasa ng tahimik ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang silid-aralan.

Iba't ibang estratehiya at pamamaraan ang dapat na malinang sa mga mag- aaral sa gawaing ito tulad na lamang ng mga sumusunod; sabayang pagbigkas, pagsulat ng tula sa iba't-ibang uri ng teksto at pagbaybay ng mga salita upang mahasa ang kanilang kaisipan sa pagsasaulo ng mga tamang baybay sa mga salita. Isama rin ang pangkatang gawain at marami pang iba kung saan makikita rito ang mas pinaiigting na layunin ng Kagawaran ng Edukasyon ang paghahasa ng mga mag-aaral sa mataas na antas ng pagbabasa at pag-unawa nito. Hindi lamang sa mga mahahalagang makrong kasanayan nakatuon ang programang ito ng edukasyon. Kundi kasama na rin dito ang pagpapahalaga sa pag-uugali ng isang indibidwal, pagtatalakay sa malinis at kaayusan ng kalusugan ng isang tao, at ang pagkakaroon ng kapayapaan sa isang lugar o bayan. Maganda ang hangarin ng Kagawarang ito upang mas maging handa ang mga mag-aaral sa mga pagkakataong mararanasan nila bilang isang indibidwal na tumatahak ng kanilang mga landas para sa kanilang kinabukasan.

May malaking papel na ginagampanan ang pagbabasa, paglinang sa bokabularyo at paggamit ng gramatika upang mapahusay ang kakayahan sa pagsulat (Bournot-Trites at Séror, 2024). Ganun rin ang malaking epekto ng kasarian sa kasanayan sa pagsulat; ang mga babae ay mas magaling kaysa sa mga lalaki bilang resulta ng mas mataas na kahusayan sa wika o ang tinatawag na (*Gender differences in writing, 2020*). Masasabing limitado pa rin ang pag-aaral hinggil sa pagbuo at paggamit ng mga mag-aaral ng mga istratehiya sa nireregulang pag-aaral, partikular na sa pagsusulat sa Ingles bilang dayuhang wika (Bai, Shen at Mei, 2020).

Ito ay pinatunayan na hindi pa gaanong kabihasa ang mga mag-aaral sa pagsulat ng isang teksto. Sa distrito ng Buenavista batay sa *Item analysis* ng baitang 7 sa loob ng Unang Markahan sa taong 2024-2025 mayroong 58.13% o *low mastery* pagdating sa kompetensi na ;Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng katutubo kaugnay ng mga tekstong pampanitikan. Ito ay nagpapakita na mas mababa ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 7 ng Buenavista National High School sa iba't ibang uri ng teksto. Ito ay sinusugan ng resulta ng *Phil-Iri* na may (85) 28% na mga mag-aaral ang nasa Kabiguan, (18) 6% ang Instruksyunal at nasa (201) 66% ang nasa Malaya sa pagkilala ng mga salita sa mga teksto. Dahil dito makikitang may kahinaan talaga ang mga mag-aaral sa pagkilala, pagsulat at pag-

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

unawa sa mga teksto o babasahin. Makikita sa MATATAG Kurikulum na ang mga kasanayang pampagkatuto sa loob ng ikatlong markahan ay may kaugnayan sa pag-aaral na ito na magsisilbing gabay ng mananaliksik sa pagbuo ng kanyang pag-aaral. Narito ang kasanayang pampagkatuto na matatagpuan sa kurikulum na ito; Nasusuri ang mga detalye ng tekstong ekspositori, impormasyonal at prosidyural, na binigyang katugunan ng mananaliksik ang suliraning ito.

Ang mananaliksik ay nakatuon sa pagsulat ng mga teksto kaya nilayong pag-aralan ang suliraning ito. Naisip ng manananaliksik na gumawa ng isang sanayang-aklat na naglalayong pataasin ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng salita at pagsulat ng teksto. Ang pag-aaral na ito ay may layunin ring makatulong sa mga susunod na mag-aaral na mas maging mahusay pa sa pagsulat ng mga teksto. Dahil dito inaasahan ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magiging lunsaran ng iba pang pag-aaral upang matulungan ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral pagdating sa paggamit ng wika at gramatika sa paraang pasulat.

**PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK**

*Ang pretest at post-test* ay maituturing na bahagi ng *quasi-experimental design* kung saan ang kalahok ay walang sistematikong pagpili (Glen, 2020).

Ang *two-group pretest at posttest* ay dalawang pangkat na nabuo sa pamamagitan ng *purposive sampling.* Ang *purposive sampling* ay may mahabang kasaysayan ng pag-unlad, at ang mga opinyon tungkol sa pagiging simple at direkta nito ay kasing iba ng mga opinyon tungkol sa pagiging kumplikado nito. Ito ang ginamit dahil mas mahusay na nakahanay ang *sample* sa mga layunin. Natalakay na ang apat na bahagi ng konseptong ito—kredibilidad, paglilipat, pagiging maaasahan, at pagkumpirma (Campbell et al., 2020). Ang dalawang pangkat ay parehong bibigyan ng panimulang panukatang pagsusulit at pangwakas na panukatang pagsusulit subalit ang ekspiremental na pangkat lamang ang bibigyan espesyal na trato.

Bunga ng interbensiyon, layunin ng pananaliksik na ito na malaman kung ang mga sagot ng mga respondente ay nagpahiwatig ng kakulangan ng pag-unawa o hindi. Bilang resulta ng pagsusuri ng maingat sa mga resulta mula sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit, ipinaliwanag ang epektibong pagbibigay ng rekomendasyon para sa pagbuo ng isang sanayang- aklat na angkop sa pangangailangan ng mga mag aaral.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Buenavista National High School, Buenavista, Marinduque taong-panuruan 2024-2025. Ang pag-aaral ay pinili batay sa layunin ng pananaliksik, gayundin sa pagiging representatibo ng mga mag-aaral sa konteksto ng pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng iba. Ang Buenavista National High School ang nagsilbing pangunahing tagpuan ng pagkolekta ng datos, kung saan isinagawa ang mga panimulang panukatang pagsusulit, pangwakas na panukatang pagsusulit, at ang implementasyon ng mga interbensyon para sa eksperimental na pangkat.

Ang mga napiling respondente ay mag-aaral ng nasabing paaralan sa Buenavista National High School . Ang paaralang ito rin ang pinakamalaki at pinakamataas na populasyon sa kanilang distrito. Kaya't pinili ito ng mananaliksik upang dito isagawa ang kanyang pag- aaral.

Batay sa resulta ng *Phil-Iri* ng Buenavista National High School ang mga mag- aaral sa baitang 7 ang may mas mababang porsiyento sa pagkilala ng mga salita sa teksto at ganun din sa paraang pasulat . Nilayon ng mananaliksik na malaman kung makakaapekto ang kaibahan ng kanilang pinanggalingang karanasan sa kakayahang umunawa at bumuo ng teksto.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Bilang paggalang sa mga kalahok sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nagbigay ng *consent form* sa mga mag-aaral upang makahingi ng pahintulot na sila ay maging kalahok sa pananaliksik na ito at mas maipaliwanag sa mga tagasagot ang kahalagahan ng pag-aaral na ito, at sa karagdagan ay gagawing pribado ng mananaliksik ang mga nakalap na datos.

Ang mananaliksik ay gumamit ng *purposive sampling technique* upang matukoy ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito. Ang *purposive sampling technique* ay isang uri ng *nonprobability* o *nonrandom sampling* na ibinatay ang pagpili ng sampol sa layunin ng pag-aaral at sa pasya ng mananaliksik kung ano ang kailangang malamang impormasyon (Hicana et al., 2024). Para sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ang pumili ng mga mag-aaral na lalahok sa pag-aaral na ito. Sa kabuuan may 80 kalahok ang pag-aaral na ito.

Ang susing instrumento para sa pag-aaral na ito ay ang ipinasang awtput ng 80 estudyante at ang sanayang-aklat. Kung saan ang mga ipinasang awtpiut o talatanungang papel kasama ang mga isusulat na komposiyon ay sinuri ng mananaliksik at ginamitan ng talahanayan bilang *Research-Completed Instrument* upang malaman ang antas ng mga maling gramatika na madalas na naisasagawa ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat sa Filipino (Brown et al., 2020). Bilang *Research-Completed Instrument*, ang mananaliksik ay titipunin ang mga sasagutang katanungan. Ginamit din ng mananaliksik bilang isang instrumento ang sanayang-aklat na naaayon sa kailangan ng mga mag-aaral na pagkilala at pagsulat

**MGA RESULTA AT PAGTALAKAY**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng presentasyon at interpretasyon ng mga datos na nalikom ng mananaliksik upang matugunan ang katanungan ng pananaliksik.

1. Antas ng kasanayan sa panimulang panukatang pagsusulit at pangwakas na panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat batay sa; pagkilala sa iba't ibang uri ng teksto at pagsulat.

1.1 pagkilala sa iba't ibang uri ng teksto

Ito'y may kakayahang makilala at tukuyin ang mga natatanging katangian ng iba't ibang teksto. Layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng teksto na may kaugnayan sa kanilang pagsulat.

Makikita sa Talahanayan 2.1 sa ibaba mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito, isa ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina, samantalang dalawampu't dalawa ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May labintatlo na kalahok o 32.50% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding apat o 10.00% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuoan ito ay may promedyong iskor na 12.97 na nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng respondente sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagkilala sa iba't ibang uri ng teksto ay nasa antas ng di gaanong mahusay. Ang ganitong resulta ay nangangailangan pa ng pag-unlad tungo sa pagtamo ng mas mataas na antas ng kasanayan.

**Talahanayan 2.1**
**Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit ng Kontroladong Pangkat batay sa Pagkilala sa Iba't Ibang Uri ng Teksto**

| Kontrolado | Panimulang Pagsusulit | Pangwakas na Pagsusulit |
| --- | --- | --- |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
|---|---|---|---|---|---|
| 25-30 | 0 | 0.00 | 8 | 20.00 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 4 | 10.00 | 23 | 57.50 | Mahusay |
| 13-18 | 13 | 32.50 | 8 | 20.00 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 22 | 55.00 | 1 | 2.50 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 1 | 2.50 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 12.97 | | 21.37 | | |
| Paglalarawan | Di Gaanong Mahusay | | Mahusay | | |

Makikitang mas marami ang nakakuha ng iskor na di gaanong mahusay dahil wala pang alam o sapat na kaalaman ang mga kalahok tungkol sa mga paksang inilahad. Isa sa mga maaari pang maging dahilan ng pagkakaroon ng di gaanong mahusay na antas ng kasanayan ay dahil may mga pangunahing ideya na kailangang matukoy ang mga mag-aaral tungkol sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang teksto gayundin sa mga batayang kaalaman at gamit nito. Mahalagang madebelop ang kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa iba't ibang teksto.

Ito ay pinatotohanan ayon sa tala ni Haupt (2015) ang pagbasa ay napakahalagang kasanayan para sa mga mag-aaral sa lenggwahe kaalinsabay ng kasanayan sa lenggwahe ay ang kasanayan sa pagsulat, kasanayan sa pagsasalita at kasanayan sa pakikinig. Ang mga mag-aaral ay hinihimok na paunlarin pa ang kanilang kasanyan sa pagbasa dahil maari nila itong mapamanihala sa iba pa.

Matutunghayan sa pangwakas na panukatang pagsusulit, Ipinapakita sa talahanayan mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina,samantalang isa ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May siyam na kalahok ang nakakuha ng iskor na 13-18 o 20.00% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding dalawampu't tatlo o 57.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at walo ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuoan ito ay may promedyong iskor na 21.37 na nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng respondente sa pangwakas na panukatang pagsusulit sa pagkilala sa iba't ibang uri ng teksto ay nasa antas ng mahusay. Ang pagdebelop sa kasanayang pagsulat ng bawat mag-aaral ay isa sa pinakapangunahing instrumento upang maipakita ang kanilang kaalaman sa target na wika partikular sa mga kaalamang nauukol sa bokabularyo at gramatika.

Ito ay pinatotohanan ng pag-aaral ni Borja (2022) na mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagtuturo ng gramatika sa mga mag-aaral lalo higit sa bahagi ng pananalita, pagbabaybay, at pagbabantas. Ang paggamit ng bantas at bahagi ng pananalita ay kailangang maging maingat at pagtuunan ng pansin dahil kalimitang nagkakamali sa paggamit nito. Ang pagkatuto sa mga kasanayang ito ay lilinang sa mga mag-aaral upang sila ay makapagsulat ng iba't ibang teksto tulad ng tekstong impormatibo, ekspositori, at prosidyural sa isang maayos at magandang pagkakalahad ng mga ideya.

1.2 pagsulat sa iba't ibang uri ng teksto

Ito ay isang proseso sa paggawa ng sariling teksto batay sa anyo tulad ng ekspositori, impormasyonal at prosidyuaral gamit ang angkop na paraan ng pag-uugnay ng mga salita, paraan ng pagpapahayag, at estilo batay sa layunin. Sa pananaliksik na ito ang mga mag-aaral ay makakasulat ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

natatanging iba't ibang uri ng teksto upang mapaunlad nila ang kanilang kakayahan at kasanayan sa pagsusulat ng teksto.

Makikita sa Talahanayan 2.2 buhat sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina,samantalang labinlima ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May dalawampu't tatlo na kalahok ang nakakuha ng iskor na 13-18 o 57.50% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding dalawa o 5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 13.65 na nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng respondente sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong impormasyonal ay nasa antas ng katamtaman ang husay. Nagpapakita lamang ito na ang antas sa pagsulat ng tekstong impormasyonal ng mga respondente ay nangangailangan pa rin ng pag-unlad tungo sa pagkamit ng mas mataas na antas ng kahusayan sa pagsulat .

**Talahanayan 2.2**
**Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit ng Kontroladong Pangkat batay sa Pagsulat ng Tekstong Impormasyonal.**

| Kontrolado | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Scores | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 2 | 5.00 | 5 | 12.50 | Mahusay |
| 13-18 | 23 | 57.50 | 34 | 85.00 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 15 | 37.50 | 1 | 2.50 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 13.65 | | 16.1 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Katamtaman ang husay | | |

Samantalang sa pangwakas na panukatang pagsusulit, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina, habang isa ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May tatlumpu't apat 85% ang nakakuha ng iskor na 13-18. Lima naman ang nakakuha ng 19-24 na nasa antas ng mahusay at wala o *zero* ang pinakamahusay. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 16.1 na nasa antas ng katamtaman ang husay. Bagaman parehas nasa katamtaman ang husay ang antas ng pagsulat sa tekstong impormasyonal ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit. Mapapansin pa rin na mas mataas ang promedyong iskor ng pangwakas na panukatang pagsusulit. Masasabing may dati nang kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong impormasyonal gayonpaman may naitulong pa rin kahit papaano ang mga estratihiyang ginamit ng mananaliksik upang mapataas ang antas ng pagsulat sa tekstong impormasyonal ng mga mag-aaral.

Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Hikmah at iba pa (2019) ay sumusuporta sa halaga ng mga mapagkukunang nakabatay sa pangangailangan at nakasentro sa mga kinakailangang kompetensiya sa pagsulat - mga pangunahing layunin ng kasalukuyang inisyatibo. Ang pagtuturo sa mga partikular na problema upang matugunan ang mga ito ay sa pamamagitan ng mga *customized* na solusyon ay tumutugma

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

sa mga prayoridad na aplikasyon para sa lokal na kagamitang pagpapaunlad na naglalayong mapahusay ang kakayahan sa pagsulat.

Ipinapakita sa Talahanayan 2.3 ang resulta mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong ekspositori, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina samantalang, labing-apat ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May dalawampu't-lima na kalahok ang nakakuha ng iskor na 13-18 o 62.50% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroong isa o 2.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 13.22 na nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng respondente sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong ekspositori ay nasa antas ng katamtaman ang husay. Nagpapakita lamang ito na may dati ng kaalaman ang mga respondente sa pagsulat ng tekstong ekspositori.

**Talahanayan 2.3**
**Antas ng Kasanayan ng sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit ng Kontroladong Pangkat sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori**

| Kontrolado | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 1 | 2.50 | 5 | 12.50 | Mahusay |
| 13-18 | 25 | 62.50 | 29 | 72.50 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 14 | 35.00 | 6 | 15.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 13.22 | | 15.45 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Katamtaman ang husay | | |

Makikita sa panukatang pagsusulit, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 habang, anim o 15% ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di-gaanong mahusay. May dalawampu't siyam 72% ang nakakuha ng iskor na 13-18. Lima o 12.50% naman ang nakakuha ng 19-24 na nasa antas ng mahusay at wala o *zero* ang pinakamahusay. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 15.45 na nasa antas ng katamtaman ang husay. Mapapansin na parehas na nasa katamtaman ang husay ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong ekspositori ngunit kapansin-pansin na tumaas pa rin ang promedyong iskor sa pangwakas na panukatang pagsusulit. Ito ay isang indikasyon na may naitulong pa rin kahit paano ang ginawa ng guro sa pagtuturo ng tekstong ekspositori at gramatika.

Ito ay sinusugan ng pag-aaral nina Cruz & Piedad (2021) Kapag hindi konsistent ang pagbaybay ng salita, hiramin at baybayin ng konsistent ayon kung paano ito bigkasin. Sa patuloy na pagyabong ng teknolohiya ay nagkakaroon ng mga pagbabago sa pagbabaybay, nagkakaroon ng pagkakaltas, pagpapalit, at pagdaragdag ng ponema. Subuking baybayin ang mga salita para mapansin nang mabuti ang maling pagbaybay sa ating wika. Sa konteksto ng pagbabaybay ay makikita natin na naiimpuwensiyahan ito ng maraming salik. Gayunpaman, ang kahinaang ito ay makabubuting matugunan upang mapagtakpan ang katotohanan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Masasabing ang mga mag-aaral ay may sapat nang kasanayan sa pagsulat subalit kinakailangan pa rin ng mga pagsasanay upang maging pinakamahusay at mas mapataas ang pagtamo ng kanilang kahusayan sa pagsulat ng teksto.

Ipinapakita sa Talahanayan 2.4 ang resulta mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong ekspositori, wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina samantalang, labing-isa ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May dalawampu't walo na kalahok ang nakakuha ng iskor na 13-18 o 70% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding isa o 2.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuoan ito ay may promedyong iskor na 14.07 na nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng respondente sa panimulang panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong ekspositori ay nasa antas ng katamtaman ang husay. Nagpapakita lamang ito na may dati ng kaalaman ang mga respondente sa pagsulat ng tekstong prosidyural.

**Talahanayan 2.4**
**Antas ng Kasanayan ng Respondente sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit ng Kontroladong Pangkat sa Pagsulat ng Tekstong Prosidyural**

| Kontrolado | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 1 | 2.50 | 5 | 12.50 | Mahusay |
| 13-18 | 28 | 70.00 | 30 | 75.00 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 11 | 27.50 | 4 | 10.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 1 | 2.50 | Mahina |
| *promedyo* | 14.07 | | 15.42 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Katamtaman ang husay | | |

Makikita sa pangwakas na panukatang pagsusulit, isa ang nakakuha ng iskor na 0-6 habang apat o 10% ang nakakuha ng iskor na 7-12 na di gaanong mahusay. May tatlumpu 75% ang nakakuha ng iskor na 13-18. Lima 12.50% naman ang nakakuha ng 19-24 na nasa antas ng mahusay at wala o *zero* ang pinakamahusay. Sa kabuoan ito ay may promedyong iskor na 15.42 na nasa antas ng katamtaman ang husay. Mapapansin na halos walang pinagkaiba ang naging resulta sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong prosidyural. Isang indikasyon na may kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong ito.

Pinatutunayan ng pag-aaral ni Misa (2021), nasa mababang antas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, partikular sa nilalaman. Katulad nito, ipinakita rin sa pananaliksik nina Graham at Harris (2020) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman ng kanilang akademikong sulatin dahil sa iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Sa kabuoan masasabing, ang mga mag-aaral ay kinakailangan pa rin mahasa ang kasanayan sa pagsulat partikular na sa nilalaman nito at organisaasyon nito upang mas maipakita ang kanilang kahusayan sa pagsulat ng tekstong prosidyural.

2. Antas ng kasanayan sa panimulang panukatang pagsusulit at pangwakas na panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat batay sa: pagkilala sa iba't ibang uri ng teksto at pagsulat sa iba't ibang teksto.

Makikita sa Talahanayan 3.1 na may apatnapung respondente sa panimulang panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat isa o 2.5% ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina. Labing-anim o 40% ang nakakuha ng iskor na 7-12 o di gaanong mahusay samantalang 15 ang nakakuha ng iskor na 13-18 o katamtaman ang husay, walo ang nakakuha ng 19-24 o mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng 25-30. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 14.45 o katamtaman ang husay. Habang sa pangwakas na pagtataya naman *zero* o wala ang nakakuha ng iskor sa 0-6 at 7-12. Isa ang nakakuha ng iskor na 13-18 o katamtaman ang husay. Dalawampu't dalawa o 55% ang nakakuha ng iskor na 19-24 o mahusay at labimpito ang nakakakuha ng iskor na 25-30 o pinakamahusay. Ito ay may promedyong iskor na 24.04 o nasa antas ng mahusay.

**Talahanayan 3.1**
**Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatang at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Eksperimental na Pangkat batay sa Pagkilala sa Iba't Ibang Uri ng Teksto**

| Eksperimental | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 0 | 0.00 | 17 | 42.50 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 8 | 20.00 | 22 | 55.00 | Mahusay |
| 13-18 | 15 | 37.50 | 1 | 2.50 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 16 | 40.00 | 0 | 0.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 1 | 2.50 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 14.45 | | 24.04 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Mahusay | | |

Pinatutunayan na makikita ang pagtaas ng promedyong iskor ng eksperimental na pangkat sa pangwakas na panukatang pagsusulit, ito ay nagpapakita lamang na may mahalagang papel na ginampanan ang interbensiyon ng mananaliksik sa pagtamo ng mataas na resulta ng mga respondente sa

pagkilala ng iba’t ibang uri ng teksto. Ito ay isang magandang indikasyon ng pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Pinatibayan ito ng kinalabasan ng pag-aaral ni Bruma (2019) batay sa ginawang pag-aaral naman ni Ichiano, malubha ang mga kamalian sa pagsulat ng sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang antas pangsekundarya. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon at mekaniks ng pagsulat ng isang sulatin. Ang mga kahinaang ito ay resulta ng kakulangan sa pagsasanay sa pagsulat ng mga mag-aaral. Hindi gaanong napagtutuunang pansin ang pagpapaunlad sa kasanayang pasulat sa mga nakalipas at kasalukuyang kurikulum. Sa pagpapatupad ng K to 12 na kurikulum, lalong nadagdagan ang suliranin ng mga guro dahil sa kawalan ng mga modyul na may mga gawaing pasulat na madaling unawain at kawili-wili para sa mga mag-aaral.

Sa pagkilala ng teksto masasabing ang ginamit na interbensiyon ng mananaliksik ay nagdulot ng pagtaas ng pagtamo ng kasanayan ng mga mag-aaral sapagkat ito ay naglalaman ng mga impormasyon na nakatulong upang matukoy at makapagsulat ng isang mabisang teksto ang mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.2 ang naging resulta mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito batay sa kanilang antas ng kasanayan sa panimulang panukatang at pangwakas na panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat sa pagsulat ng tekstong impormasyonal. wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina habang sa iskor na 7-12 na di gaanong mahusay ay may apat. May tatlumpu na respondente o 75% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding anim o 15% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 15.95, nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng mga respondente ay nasa antas na katamtaman ang husay. Sa pangwakas na panukatang pagsusulit wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina at iskor na 7-12 o di gaanong mahina. May dalawampu’t isa o 52.5% ang nakakuha ng iskor na 13-18 o katamtaman ang husay. Mayroon ding labintatlo o 32.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at anim o 15% naman ang nakakuha ng iskor na pinakamahusay. Ito ay may promedyong iskor na 18.92 o nasa antas na katamtaman ang husay.

**Talahanayan 3.2**

**Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Eksperimental na Pangkat batay sa Pagsulat ng Tekstong Impormasyonal**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| Eksperimental | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 0 | 0.00 | 6 | 15.00 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 6 | 15.00 | 13 | 32.50 | Mahusay |
| 13-18 | 30 | 75.00 | 21 | 52.50 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 4 | 10.00 | 0 | 0.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *Promedyo* | 15.95 | | 18.92 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Katamtaman ang husay | | |

Mapapansin sa talahanayan na parehong nasa katamtaman ang husay ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit ngunit nagkaroon pa rin ng bahadyang pagtaas sa promedyong iskor sa pangwakas na panukatang pagsusulit. Masasabing mayroon pa ring naitulong kahit paano ang interbensiyong ginamit ng mananaliksik sa pagpapataas ng pagtamo ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong impormasyonal.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.3 ang naging resulta mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito batay sa kanilang antas ng kasanayan sa panimulang panukatang at pangwakas na panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat sa pagsulat ng tekstong ekspositori. wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina habang sa iskor na 7-12 na di gaanong mahusay ay may anim. May dalawampu't pitong respondente o 67.5% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding pito o 17.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at wala o *zero* ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuuan ito ay may promedyong iskor na 16.32, nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng mga respondente ay nasa antas na katamtaman ang husay. Sa pangwakas na panukatang pagsusulit wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina at wala o *zero* na iskor sa 7-12 o di gaanong mahina. May dalawampu't dalawa o 55% ang nakakuha ng iskor na 13-18 o katamtaman ang husay. Mayroon ding labintatlo o 32.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at lima o 12.5% naman ang nakakuha ng iskor na pinakamahusay. Ito ay may promedyong iskor na 18.42 o nasa antas na katamtaman ang husay.

**Talahanayan 3.3**
**Antas ng kasanayan sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Eksperimental na Pangkat batay sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori**

| Eksperimental | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 25-30 | 0 | 0.00 | 5 | 12.50 | Pinakamahusay |
| 19-24 | 7 | 17.50 | 13 | 32.50 | Mahusay |
| 13-18 | 27 | 67.50 | 22 | 55.00 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 6 | 15.00 | 0 | 0.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 16.32 | | 18.42 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Katamtaman ang husay | | |

Mapapansin sa talahanayan na parehong nasa katamtaman ang husay ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit ngunit nagkaroon pa rin ng pagtaas sa promedyong iskor sa pangwakas na panukatang pagsusulit. Masasabing mayroon pa ring naitulong kahit paano ang interbensiyong ginamit ng mananaliksik sa pagpapataas ng pagtamo ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong impormasyonal.

Ito ay sinusugan ni Murray banggit ni Bernales (2018), ang pagsulat ay isang eksplorasyon-pagtuklas sa kahulugan,porma. Ang manunulat ay nagtatrabaho nang pabalik-balik,nakatuon sa isa sa mga batayang kasanayan sa bawat panahon nang kanyang matuklasan kung ano ang kanyang isusulat at kung paano niya iyon maipapahayag ng maayos. Maaaring may epekto sa kasanayan sa pagsulat ng tekstong ekspositori ng mga mag-aaral kung paano nila maipapahayag ang kanilang ideya sa pagsulat. Kinakailangan pa rin ng masusing pag-aaral ukol dito, upang mas mapataas pa ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa tekstong impormasyonal.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.4 ang naging resulta mula sa apatnapung mga kalahok sa pag-aaral na ito batay sa kanilang antas ng kasanayan sa panimulang panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat sa pagsulat ng tekstong impormasyonal. Wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina at iskor na 7-12 o di gaanong mahina. May dalawampu't anim na respondente o 65% ang nakakuha ng iskor na nasa katamtaman ang husay. Mayroon ding siyam o 22.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at anim ang nakakuha ng pinakamahusay na iskor. Sa kabuoan ito ay may promedyong iskor na 18.25, nagpapahiwatig na ang antas ng kasanayan ng mga respondente ay nasa antas na katamtaman ang husay. Sa pangwakas na panukatang pagsusulit wala o *zero* ang nakakuha ng iskor na 0-6 o mahina at iskor na 7-12 o di gaanong mahina. May sampu o 25% ang nakakuha ng iskor na 13-18 o katamtaman ang husay. Mayroon ding labinsiyam o 47.5% ang nakakuha ng iskor na mahusay at labing-isa o 27.5% naman ang nakakuha ng iskor na pinakamahusay. Ito ay may promedyong iskor na 20.75 o nasa antas na mahusay.

**Talahanayan 3.4**

**Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatan at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Eksperimental na Pangkat batay sa Pagsulat ng Tekstong Prosidyural**

| Eksperimental | Panimulang Pagsusulit | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | Dami | Bahagdan | Dami | Bahagdan | Paglalarawan |
| 25-30 | 6 | 15.00 | 11 | 27.50 | Pinakamahusay |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 19-24 | 9 | 22.50 | 19 | 47.50 | Mahusay |
| 13-18 | 26 | 65.00 | 10 | 25.00 | Katamtaman ang husay |
| 7-12 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | Di Gaanong Mahusay |
| 0-6 | 0 | 0.00 | 0.00 | 0.00 | Mahina |
| *promedyo* | 18.25 | | 20.75 | | |
| Paglalarawan | Katamtaman ang husay | | Mahusay | | |

Malinaw na ipinapakita sa resultang naging mabisa ang interbensiyong ginamit ng mananaliksik upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong prosidyural. Sapagkat sinasabi sa resulta ng ulat ng *National Commission on Writing in 2004 and 2005* ipinapakita na ang pagsulat ay isang pintuan sa paghahanap ng trabaho at upang mapataas ang posisyon sa trabaho. Kayat mahalagang mapahusay at mapaunlad ng bawat mag-aaral ang kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sapagkat ito ang magsisilbing instrumento sa pag-abot ng kanilang tagumpay sa hinaharap.

3. Pagkakaiba ng antas ng kasanayan sa panimulang panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat.

Nakapaloob sa Talahanayan 4 ang resulta ng pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat batay sa mga baryabol na gimamit. Mapapansin sa panimulang panukatang pagsusulit na may *computed t-value* na -1.61 mas mababa sa *critical t-value* na 2.00 at may *mean difference* na -1.46 ipinapakita lamang na walang kabuluhang pagkakaiba sa resulta ng panimulang panukatang pagsusulit sa kontrolado at eksperimental na pangkat sa pagkilala ng iba't ibang teksto. Sa resulta ng pagsulat ng tekstong impormasyonal, ito ay may *computed t-value* na -3.82 mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -2.30 na may mahalagang kabuluhan sa pagkakaiba ng resulta ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat. Makikita nama sa pagsulat ng tekstong ekspositori na may *computed t-value* na -4.71 na mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -3.10 na nagsasabing may mahalagang kabuluhan ang pagkakaiba ng mga baryabol na ginamit. Sa tekstong prosidyural ay may *computed t-value* na -5.86 mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -4.18 na nagsasabing mayroon ding mahalagang kabuluhan ang mga baryabol na ginamit. Sa kabuoan ng mga baryabol napatunayan ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unlad ng kasanayan sa pagkilala ng iba't ibang uri ng teksto sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat ng mag-aaral sa baitang 7 sa panimulang panukatang pagsusulit batay sa mga baryabol ay hindi tinanggap. May pagkakatulad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala sa iba’t ibang teksto at pagsulat sa iba’t ibang teksto, isang indikasyon na sila ay nahubog ng mga guro sa elementarya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Talahanayan 4**
**Resulta ng Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayan sa Panimulang Panukatang Pagsusulit sa Kontroladong Pangkat at Eksperimental na Pangkat**

| | t-test for Equality of Means | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 95% Confidence Interval of the Difference | | |
| **Baryabol** | T | df | p value | Mean Difference | Std. Error Difference | Lower | Upper | Interpretation |
| Pagkilala | -1.61 | 78 | .111 | -1.46 | .91 | -3.29 | .34 | Not Significant |
| Impormasyonal | -3.82 | 78 | <0.001 | -2.30 | .60 | -3.49 | -1.10 | Significant |
| Ekspositori | -4.71 | 78 | <0.001 | -3.10 | .66 | -4.41 | -1.79 | Significant |
| Prosidyural | -5.86 | 78 | <0.001 | -4.18 | .71 | -5.59 | -2.75 | Significant |

Malinaw na makikita ang kaaya-ayang resulta na ito ay nagpapakita na kahit papaano ay nagkaroon ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral. Sa kabilang banda kinakailangan pa ring paunlarin ang mga kasanayan upang magkamit pa sila ng mas mataas na kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang teksto.

Ito ay pinatotohanan ni Manny (2019), kailangang paunlarin at hasain ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mahasa ang pag-iisip ng kanilang mga estudyante. Kailangan nilang maging handa *"academically"* ngunit kailangan din nila ng abilidad upang mabigyan ng motibasyon ang mga mag-aaral. Hindi lamang ito usapin ng kaalaman sa dapat ituro ngunit kung paano maibabahagi ang isang kaalaman.

4. Pagkakaiba ng antas ng kasanayan sa pangwakas na panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat.

Makikita sa Talahanayan 5 ang resulta ng pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat batay sa mga baryabol na ginamit. Sa resulta ng panimulang panukatang pagsusulit na may *computed t-value* na -3.75 mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at may *mean difference* na -2.67. ipinapakita ng resulta na mayroong mahalagang kabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pangwakas panukatang pagsusulit sa kontrolado at eksperimental na pangkat sa pagkilala ng iba't ibang teksto. Sa resulta ng pagsulat ng tekstong impormasyonal, ito ay may *computed t-value* na -4.05 mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -2.83. Ipinapakita sa resulta na may mahalagang kabuluhan sa pagkakaiba ng resulta ng pangwakas at pangwakas na panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat. Gayundin sa resulta ng pagsulat ng tekstong ekspositori na may *computed t-value* na -3.88 na mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -2.98 na nagsasabing may mahalagang kabuluhan ang pagkakaiba ng mga baryabol na ginamit. Sa tekstong prosidyural ay may *computed t-value* na -6.94 mas mataas sa *critical t-value* na 2.00 at *mean difference* na -4.90 na nagsasabing mayroon ding mahalagang kabuluhan ang mga baryabol na ginamit.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Talahanayan 5**
**Resulta ng Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayan sa Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Kontroladong Pangkat at Eksperimental na Pangkat**

| | t-test for Equality of Means | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 95% Confidence Interval of the Difference | | |
| **Baryabol** | T | df | p value | Mean Difference | Std. Error Difference | Lower | Upper | Interpretation |
| Pagkilala | -3.75 | 78 | <0.001 | -2.67 | .71 | -4.09 | -1.25 | Significant |
| Impormasyonal | -4.05 | 78 | <0.001 | -2.83 | .70 | -4.21 | -1.44 | Significant |
| Ekspositori | -3.88 | 78 | <0.001 | -2.98 | .77 | -4.50 | -1.45 | Significant |
| Prosidyural | -6.94 | 78 | <0.001 | -4.90 | .71 | -6.31 | -3.49 | Significant |

Matutunghayan sa resulta ng mga baryabol napatunayan ang *hypothesis* na nagsasabing mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman sa pagkilala at pagbasa sa wikang Filipino bilang unang wika at ang kakayahan sa pagsulat ng iba't ibang teksto ay tinanggap. Isa itong indikasyon at panawagan sa mga guro ng ikapitong baitang na hasain pa ang kakahayan o kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng iba't ibang teksto at pagsulat sa iba't ibang teksto maaaring bumuo pa sila ng ibang inobasyon na makatutulong sa pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Maaari ding dumalo sa mga pagsasanay upang mas mapayabong pa ang kanilang kakayahan.

Ito ay kahalintulad ng pag-aaral ni Biñas (2017), lumabas na marami sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ngayon ay mga bagong guro at iilan pa lamang ang mga nakadalo ng mga palihan/seminars.Karamihang nagtuturo sa kanila ay mga bata pa sa serbisyo kung kaya't wala pa silang gaanong mga palihang nadadaluhan.

5. Pagkakaiba ng antas ng kasanayan sa panimula at pangwakas panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat.

Makikita sa talahanayan 6 ang resulta ng pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit ng kontroladong pangkat batay sa mga baryabol na gimamit. Sa pagkilala ng iba't ibang teksto may 8.40 na *mean value* at 5.46 na *standard deviation* at *computed t-value* na 9.73. Samantalang may *mean value* na 2.45 at *standard deviation* na 3.30 at *computed t-value* na 4.69 lubhang mataas sa *critical t-value* na 2.02. Ipinapahiwatig ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong impormasyonal. Gayundin sa resulta ng pagsulat ng tekstong ekspositori na may makabuluhang pagkakaiba. Ito ay may *mean value* na 2.22 at *standard deviation* na 3.35 at *computed t-value* na 4.19. sa tekstong prosidyural naman ay maroong *mean value* na 1.78 at *standard deviation* na 2.86 at *computed t-*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

*value* na 3.93 na nagpapakita na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagsulat ng tekstong prosidyural sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat.

**Talahanayan 6**
**Resulta ng Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayan sa Panimula at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Kontroladong Pangkat**

| | | Paired Differences | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 95% Confidence Interval of the Difference | | | | | |
| **KONTROLADONG PANGKAT** | | Mean | Stdv. | Std. Error Mean | Lower | Upper | T | Df | p value | Interpretation |
| Pagkilala | Post-test VS Pre-test | 8.40 | 5.46 | 0.86 | 6.65 | 10.15 | 9.73 | 39 | <0.001 | Significant |
| Impormasyonal | Post-Test VS Pre-Test | 2.45 | 3.30 | .52 | 1.39 | 3.51 | 4.69 | 39 | <0.001 | Significant |
| Ekspositori | Post-Test VS Pre-Test | 2.22 | 3.35 | .53 | 1.15 | 3.29 | 4.19 | 39 | <0.001 | Significant |
| Prosidyural | Post-Test VS Pre-Test | 1.78 | 2.86 | .45 | .86 | 2.69 | 3.93 | 39 | <0.001 | Significant |

Masasabing may naitulong pa rin ang pamamaraang ginamit ng guro sa pagtuturo ng pagulat ng iba't ibang teksto upang magtamo ng mataas na kasanayan sa pagsulat ang mga mag-aaral. Kaya't masasabing ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unlad ng kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat ng mag-aaral sa baitang 7 ay hindi tinanggap.

Ang paggamit ng sanayang-aklat bilang pantulong sa pagtuturo ng guro ay may magandang maidudulot sa mga mag-aaral. Mapapataas nito ang kanilang kritikal na pagsusuri at pamumuna sa isang teksto.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Ayon kay Mahaguay (2020) ang pagbuo ng *scaffolding* para sa paggabay sa paggamit ng mga istratehiya sa kritikal na pagsusuri at pamumuna ay maaaring magbigay ng targetadong pagdudugtong sa pagitan ng pagbabasa at pagsulat. Bukod pa rito, ang pamamahala ng mga asahan ng mag-aaral at pagbibigay ng paglilinaw patungkol sa layunin ng pagpapaunlad ay makakatulong para sa mas realistikong sariling pagsusuri sa proseso ng pag-aaral.

6. Pagkakaiba ng antas ng kasanayan sa panimula at pangwakas panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat.

Makikita sa Talahanayan 7 ang resulta ng pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit ng kontroladong pangkat batay sa mga baryabol na gimamit. Sa pagkilala ng iba't ibang teksto ito ay may *mean value* na 9.60 at *standard deviation* na 5.06 at *computed t-value* na 11.99 na nagsasabing may kabuluhan sa pagkakaiba ng kasanayan sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit. Samatalang may *mean value* na 2.98 at *standard deviation* na 3.63 at *computed t-value* na 5.19 lubhang mataas sa *critical t-value* na 2.69. Ipinapahiwatig ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa pagsulat ng tekstong impormasyonal. Gayundin sa resulta ng pagsulat ng tekstong ekspositori na may makabuluhang pagkakaiba. Ito ay may *mean value* na 2.10 at *standard deviation* na 4.92 at *computed t-value* na 3.67. sa tekstong prosidyural naman ay maroong *mean value* na 2.50 at *standard deviation* na 4.43 at *computed t-value* na 3.57 na nagpapakita na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagsulat ng tekstong prosidyural sa panimula at pangwakas na panukatang pagsusulit sa eksperimental na pangkat.

**Talahanayan 7**
**Resulta ng Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayan sa Panimula at Pangwakas na Panukatang Pagsusulit sa Eksperimental na Pangkat.**

| EKSPERIMENTAL NA PANGKAT | | Paired Differences: Mean | Stdv. | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference: Lower | Upper | T | df | p value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkilala | Post-Test VS Pre-Test | 9.60 | 5.06 | 0.80 | 7.99 | 11.22 | 11.99 | 39 | <0.001 | Significant |
| Impormasyonal | Post-Test VS Pre-Test | 2.98 | 3.63 | .57 | 1.82 | 4.13 | 5.19 | 39 | <0.001 | Significant |
| Ekspositori | Post-Test VS | 2.10 | 4.92 | .78 | .52 | 3.67 | 2.69 | 39 | <0.001 | Significant |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pre-Test | | | | | | | | | |
| Prosidyural | Post-Test VS Pre-Test | 2.50 | 4.43 | .69 | 1.08 | 3.92 | 3.57 | 39 | <0.001 | Significant |

Ang resulta ay nagpapahiwatig na may mahalagang mabuluhan sa pagsulat ng iba't ibang teksto batay sa mga baryabol na ginamit kaya batay sa resulta ang *null hypothesis* na nagsasabing walang mahalagang pagkakaiba ng kasanayan sa eksperimental na pangkat na gagamit ng sanayang-aklat sa pagkatuto, kumpara sa kontroladong pangkat batay sa mga baryabol ay hindi tinanggap. Ang paggamit ng sanayang-aklat bilang pantulong sa pagpapataas ng pagtamo ng kasanayan ng mga mag-aaral ay hinihikayat. Ito ay sinusugan ng pag-aaral ni Dionela-Servo (2023) ay tumatalakay sa mga pangangailangan ng mga mag aaral ng wikang Filipino, mga temang tatalakayin sa programa, proseso ng pagpapatupad ng programa, at paglikha ng *Espesyal* na *Filipino (Beginners' Program)* batay sa mga konsepto ni David Wilkins. Kasabay ng pagtaguyod sa halaga ng De La Salle mission at ng Expected Lasallian Graduate Attributes (ELGA) sa sistema ng edukasyon, hangad ng programa na mapanatili ang kulturang Pilipino. Sa paggawa ng gayong programa, mas magiging balanse ang pagtatasa at pag-unawa sa kahulugan at layunin nito.

7. Bilang bunga ng suliraning ito nakita at nalaman sa pag-aaral na ito na nagkaroon ng pagbaba ng antas ng pagkilala at pagsulat iba't ibang uri ng teksto kaya naman sang-ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ang mananaliksik ay bumuo ng sanayang-aklat na naglalayong mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng salita at pagsulat ng teksto ito ay may pamagat na SHaTaP (Simulaing Hakbang sa Teksto at Pagsulat). Ang pag-aaral na ito ay naglalayon ding makatulong sa mga susunod na mag-aaral na sila ay maging mahusay sa pagkilala ng salita at pagsulat ng teksto, dahil dito inaasahan ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magiging lunsaran ng iba pang pag-aaral upang matulungan ang dagok na kinakaharap ng mga mag-aaral.

Isa lamang patunay ng pag-aaral na ito na kinakailangan ng iba pang lunsaran na kukuha sa atensiyon ng mga mag-aaral upang magkaroon ng mas mataas na antas sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang teksto. Maaaring ang isang mag-aaral ay nagtataglay na ng kaalaman sa pagkilala at pagsulat sa iba't ibang teksto ngunit hindi naman ito masyadong napagtutuunang pansin ng mga guro. Kaya marapat lamang na gumamit pa rin ng ibang lunsaran bilang katuwang sa pagtuturo katulad ng sanayang-aklat.

**KONKLUSYON**

Mula sa mga resulta ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na konklusyon.

1.May pangangailangan ang mga mag-aaral sa angkop na sistematikong kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang kanilang kakulangan sa pagbasa at pag-unawa ng iba't ibang uri ng teksto.

2.May naitulong ang sanayang-aklat sa pagpataas ng kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng teksto upang magkamit pa ng pinakamahusay na kasanayan ang mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

3.Ipinahihiwatig na ang dalawang pangkat ay may di-pantay na antas ng kasanayan sa pagsulat bago ang interbensyon, kaya't mahalagang isaalang-alang ang pagkakaibang ito sa pagsusuri ng epekto ng interbensyon sa kanilang pag-unlad sa pagsulat.

4.Ang interbensyon na inilapat sa eksperimental na pangkat ay naging epektibo sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan kumpara sa kontroladong pangkat.

5.Sa pangkat na hindi ginamitan ng interbensyon, may positibong pagbabago sa kasanayan na maaaring dulot ng regular na pagtuturo o iba pang salik.

6.Malinaw na may makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga respondente sa eksperimental na pangkat sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto mula panimula hanggang pangwakas na pagsusulit. Ipinapakita nito na epektibo ang ginamit na interbensyon sa pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan.

7.Ang pagbuo ng sanayang-aklat ay isang angkop at makabuluhang hakbang upang matugunan ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto. Sa pamamagitan ng mga aktibidad at teksto na nakapaloob dito, nabibigyan ng dagdag na suporta ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

**Rekomendasyon**

Mula sa mga resulta at kongklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

1.Ipagpatuloy at lalo pang paunlarin ang mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng teksto, partikular sa pagkilala at pagsusuri ng mga ito, sapagkat napatunayang nakatulong ito sa pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

2.Palawigin pa ang mga gawain sa pagsulat. Bagama't may pag-unlad sa pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto, lalo na sa tekstong prosidyural, mainam na maglunsad ng mas marami pang gawain sa pagsulat, gaya ng workshop, peer evaluation, at draft revision upang maitaas pa ang antas ng kasanayan sa tekstong impormasyonal at ekspositori.

3.Magbigay ng karagdagang pagsasanay o remedial activities para sa mga pangkat na may mababang kasanayan sa pagsulat upang mapantayan ang kasanayan ng mga estudyante, maaaring magsagawa ng paunang pagsasanay o remedial programs lalo na sa aspeto ng pagsulat bago simulan ang interbensyon.

4.Bigyan ng sapat na pagsasanay at suporta ang mga guro upang maging epektibo ang paggamit ng mga bagong materyales at estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat.

5.Maglunsad ng mga proyekto o workshop para sa mga estudyante na naglalayong hasain ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng iba't ibang uri ng teksto.

6.Ipatupad ang ginamit na interbensyon o pamamaraan sa mas malawak na saklaw upang matulungan ang mas maraming mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng iba't ibang uri ng teksto.

7.Ipa-evaluate at gamitin ang sanayang-aklat bilang karagdagang materyal sa pagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

**Sanggunian**

Aisie Oyammi Bete. (2020). Students' knowledge and process skills in learning grade-8 chemistry. Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education, 10(1), 1–13. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol10.1.1.2020

Alorro, J. (2024). Onlayn vs. Tradisyonal na Pagtataya sa Filipino ng mga Piling Mag-aaral sa Filipino: Tungo sa Mabisang Pagtatasa at Propesyonal na Pag-unlad. *Journal of Education and Learning Advancements*, *1*(1), 55-68. https://jelamagste.org/journalofed/index.php/jela/article/view/18

Bai, B., Shen, B., & Mei, H. (2020). Hong Kong primary students' self-regulated writing strategy use: Influences of gender, writing proficiency, and grade level. Studies in Educational Evaluation, 65, 100839–100839. https://doi.org/10.1016/j.stueduc.2020.100839

Bautista, R. A., & Legaspi, M. M. (2021). Pagpapataas ng akademikong perpormans sa nasyonalismo sa timog kanlurang asya gamit ang spoken poetry sa araling panlipunan. *World Bulletin of Social Sciences*, *3*(10), 34-38. https://scholarexpress.net/index.php/wbss/article/view/158

Benitez, C. J. R. (2022). " Magaling, Datapoua Hindi Tola": Ang Tula, Isang katutubo, at Hinggil sa Kathang Tagpo. *Kritika Kultura*, (39). https://www.researchgate.net/profile/Christian-Jil-Benitez/publication/363696866_Magaling_Datapoua_Hindi_Tola_Ang_Tula_Isang_katutubo_at_Hinggil_sa_Kathang_Tagpo/links/632a74b40a708521500d0740/Magaling-Datapoua-Hindi-Tola-Ang-Tula-Isang-Katutubo-at-Hinggil-sa-Kathang-Tagpo.pdf

Bernales,Rolando 2018. Malayuning Komunikasyon: Sa Lokal at Global na Konteksto. Malabon City: Mutya Pub.,

Bińas, N.G.(2017)Kasanayang Komunikatibo ng mga Guro sa Filipino sa Probinsya ng Sorsogon Isang Pagsusuri.

Borja, J.W. 2022 Kakayahang Gramatikal ng mga Mag-aaral na Mamamahayag. Victoria, Mindoro.

Bournot-Trites, M., & Jérémie Séror. (2024). Students' and Teachers' Perceptions about Strategies which Promote Proficiency in Second Language Writing. Canadian Journal of Applied Linguistics, 6(2), 129–157. https://journals.lib.unb.ca/index.php/CJAL/article/view/19794

Brown, G., Reed, P., & Raymond, C. M. (2020). Mapping place values: 10 lessons from two decades of public participation GIS empirical research. *Applied Geography*, *116*, 102156. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0143622819310355

Campbell, S., Greenwood, M., Prior, S., Shearer, T., Walkem, K., Young, S., ... & Walker, K. (2020). Purposive sampling: complex or simple? Research case examples. *Journal of research in Nursing*, *25*(8), 652-661. https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/1744987120927206

Carada, M. T. (August 2023). Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin at Antas ng Pag-unawa. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal.

Catacutan, F. G., & Calisang, C. P. (2024). Problema ng mga Estudyante sa Komprehensiyon at kanilang Motibasyon sa Pag-aaral. https://icceph.com/wp-content/uploads/2024/12/problema-ng-mga-estudyante-sa-komprehensiyon.pdf

Cavinta, E. M. P. (2021). Wika at Lingguwistikang Filipino: Paglalahad ng Isang Guro. https://www.researchgate.net/profile/Elaine-Myla-Cavinta/publication/353605134_Wika_at_Lingguwistikang_Filipino_Paglalahad_ng_Isang_Guro/links/610551471e95fe241a9e47b2/Wika-at-Lingguwistikang-Filipino-Paglalahad-ng-Isang-Guro.pdf

Ceriales, C. E., & Calisang, C. P. 2024. Kalagayan at Akademikong Pagganap ng mga Estudyante sa Bulubunduking bahagi sa Distrito ng Mabinay. https://icceph.com/wp-content/uploads/2024/12/kalagayan-at-akademikong-pagganap-ng-mga-estudyante.pdf

Concepcion, G. P. (2020). Panukalang Instrumento sa Pagtataya Hinggil sa Sitwasyon ng Wika sa Internet. https://www.researchgate.net/profile/Gerard-Concepcion/publication/358347741_Panukalang_Instrumento_sa_Pagtataya_Hinggil_sa_Sitwasyon_ng_Wika_sa_Internet/links/61fcedc24393577abe0d8d83/Panukalang-Instrumento-sa-Pagtataya-Hinggil-sa-Sitwasyon-ng-Wika-sa-Internet.pdf

Cope, B., & Kalantzis, M. (2020). *Adding multiliteracies to the mix for students' writing development*. *Theory Into Practice*.

Cruz, N., & Piedad, Y. J. (2021). Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, *27*(2). https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Agcd%3A11%3A2121035/detailv2?sid=ebsco%3Aplink%3Ascholar&id=ebsco%3Agcd%3A173462313&crl=c&link_origin=scholar.google.com

Daga, C. C. N. (2023). Mga Estratehiyang Ginagamit Ng Mga Gurong Tumatangap Upang Harapin Ang Mga Pagsubok Habang Nagtuturo Ng Pagbasa Sa Mga Mag-aaral Na May Espesyal Na Pangangailangan Sa Edukasyon. https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2023/07/IMJSTP29120904.pdf

De Jesus, L. F., Javier, N. L., & Mendiola, A. V. (2023). Programang Pampananaliksik Tungo sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. https://philpapers.org/rec/DEJPPT

Derakhshan, A., & Karimian Shirejini, R. (2020). An investigation of the Iranian EFL learners' perceptions towards the most common writing problems. *Sage Open*, *10*(2), 2158244020919523. https://journals.sagepub.com/doi/full/10.1177/2158244020919523

Din, M. (2020). Evaluating university students' critical thinking ability as reflected in their critical reading skill: A study at bachelor level in Pakistan. Thinking Skills and Creativity, 35, 100627–100627. https://doi.org/10.1016/j.tsc.2020.100627

Dionela-Servo, P. G. (2023). Pagbuo ng Modyul 1 para sa Special Filipino Beginners' Program sa Baitang 7 ng DLSU Integrated School. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2024/08/06-Hasaan-Tomo-VII-Dionela-Servo.pdf

Doria, E., & Conui, F. (2020). Pagbuo ng Workbuk sa Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Estudyante. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, *9*, 19-42. https://journals.msuiit.edu.ph/langkit/article/view/85

Emralino, H. P., & Carada, I. G. (2021). Ilustrasyong Glosaryo ng mga Salitang Nakapaloob sa Ilang Piling Panitikang Pandaigdigan Bilang Kagamitang Panturo at Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, *5*(7), 271-279. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/07/ZG2157271279.pdf

Feather, N. T. (2021). Expectancy-value approaches: Present status and future directions. *Expectations and actions*, 395-420. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003150879-21/expectancy-value-approaches-present-status-future-directions-norman-feather

Foster, M., Kurke, L., & Weiss, N. (2019). *Genre in Archaic and Classical Greek Poetry: Theories and Models: Studies in Archaic and Classical Greek Song, Vol. 4* (p. 424). Brill. https://library.oapen.org/handle/20.500.12657/37995

Gaddi, J. A. G. (2024). Implementasyon sa Pagtuturo ng Deped Most Essential Learning Competencies (MELCS) Sa Filipino 10 ng Mga Guro sa mga Paaralang Sekondarya ng Surigao City: Isang Pagtatasa. *ResearchGate*, *1*(1), 1-12. https://hal.science/hal-04480418/

Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya. *Research gate https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya*.

Graham, S. & Harris, K. R. (2020). The role of self-regulation and transcription skills in writing and writing development. Educational Psychologist, 04 (02), 102-114. https://doi.org/10.4324/9780203763353-9

Harris, J., Carins, J., Parkinson, J., & Bodle, K. (2022). A socio-cognitive review of healthy eating programs in Australian Indigenous communities. *International Journal of Environmental Research and Public Health*, *19*(15), 9314. https://www.mdpi.com/1660-4601/19/15/9314

Hicana, M. F., Pascual, J., Santos, J. P., Ayes, M. A., Leonardo, R., & Hernandez, R. A. (2024). Hambingang-Suri sa Kurikulum ng Programang Edukasyong Pangwika-Filipino ng mga Piling Pamantasan sa Maynila. *Journal of Education and Learning Advancements*, *1*(1), 92-99. https://jelamagste.org/journalofed/index.php/jela/article/view/21

Johnson, L. (2017). *Writing with Voice: Expressivist Writing Pedagogy in the 21st Century*.

Kapnoula, E. C., Jevtović, M., & Magnuson, J. S. (2024). Spoken Word Recognition: A Focus on Plasticity. *Annual Review of Linguistics*, *10*(1), 233-256. https://www.annualreviews.org/content/journals/10.1146/annurev-linguistics-031422-113507

Kitane, K. M. (2022). Mga Nararanasan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Gamit ang Modyular na Dulog sa Pagtuturo: Batayan sa Paglahad ng Rekomendasyon. *Silliman Journal*, *63*(1). https://sillimanjournal.su.edu.ph/index.php/sj/article/view/4

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Koster, C. J. (2019). *Word recognition in foreign and native language: Effects of context and assimilation* (Vol. 8). Walter de Gruyter GmbH & Co KG.

Knipper, K. J., & Duggan, T. J. (2016). Writing to learn across the curriculum: Tools for comprehension in content area classes. *The Reading Teacher, 69*(5), 429–433. https://doi.org/10.1002/trtr.1427

Lagat, S. (2021). Guided Reading-Thinking (PPP): A Method for Teaching Asian Literature. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *2*(1), 122-131. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/71

Lagata, M. C. J., & Marbella, F. D. (2024). Kasanayan sa Pasulat na Filipino ng mga Guro sa Junior High School sa Pampublikong Paaralan sa Lungsod Sorsogon. https://cognizancejournal.com/vol4issue7/V4I718.pdf

Legaspi, E. C. (2021). Academia. Retrieved from Academia.edu: academia.edu:https://www.academia.edu/29137868/Kakayahang_Pragmatik

Liang, G., Fu, W., & Wang, K. (2019). Analysis of t-test misuses and SPSS operations in medical research papers. *Burns & trauma*, *7*. https://academic.oup.com/burnstrauma/article/doi/10.1186/s41038-019-0170-3/5685937

Lictaoa, B., & Filipino, M. (2022). Debelopment, Balidasyon at Pagtanggapsa Estratehiyang Interbensiyong Materyal (Esinma) Sa Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Para Sa Bagong Normal. *International Journal of Formal Education*, *1*(3), 8-17. https://journals.academiczone.net/index.php/ijfe/article/view/20

Lictaoa, R. C. B., & Filipino, M. (2021). Development, Validation and Acceptance of the Material Intervention Strategy (esinma) on Students' Learning for the New Normal. *Galaxy International Interdisciplinary Research Journal*, *9*(11), 432-442. https://www.giirj.com/index.php/giirj/article/view/520

Liwanag, L. A. L., & Chua, M. C. (2022). Ang Paghiraya sa Bansa ni Don Belong: Pagsusuri ng mga Akda ni Isabelo de los Reyes sa Kanyang Yugto ng Transisyon (1897-1912). *Humanities Diliman*, *19*(1). https://www.researchgate.net/profile/Leslie-Anne-Liwanag/publication/361580494_Ang_Paghiraya_sa_Bansa_ni_Don_Belong_Pagsusuri_ng_mga_Akda_ni_Isabelo_de_los_Reyes_sa_Kanyang_Yugto_ng_Transisyon_1897-1912/links/62ba93a693242c74cad2fe38/Ang-Paghiraya-sa-Bansa-ni-Don-Belong-Pagsusuri-ng-mga-Akda-ni-Isabelo-de-los-Reyes-sa-Kanyang-Yugto-ng-Transisyon-1897-1912.pdf

Mahaguay, J. M. (2020). Ang Pilosopiya ng Edukasyon sa Filipino. *The URSP Research Journal*, *6*(1), 69-81. URRSP_09_Mahaguay_J-libre.pdf

Malaque, M. S. (2022). Antas ng Kasanayan sa Pagtatayang Pangklasrum sa mga Asignaturang Filipino. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2023/01/1-ijams-june-issue-435-462.pdf

Mc Kinley, P., Aliba, G. D., Beniyat, A. Y., Dagman, M. G. B., Malanom, M. V., Mamuyac Jr, C. E., ... & Eguia, M. L. G. (2024). Tiktok: Gamit sa Makrong Kasanayan ng Pagsasalita ng mga Mag-aaral. https://cognizancejournal.com/vol4issue5/V4I537.pdf

Mishra, P., Pandey, C. M., Singh, U., Gupta, A., Sahu, C., & Keshri, A. (2019). Descriptive statistics and normality tests for statistical data. *Analisis of cardiac anaesthesia*, *22*(1), 67-72. https://journals.lww.com/aoca/fulltext/2019/22010/descriptive_statistics_and_normality_tests_for.11.aspx

Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante. *The Normal Lights*, *17*(2). https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/2164

Paragas. (2020). Utilizing Social Media in Improving Creative Writing Skills of Grade 7 Students in English. International Journal of Academic Multidisciplinary Research (IJAMR).

Peña, J. M. I. D. (2023). Online Modyul para sa Maed Filipino Pagsasaling-Wika: Isang Pagtataya. *Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal)*, *83*(2), 57-70. http://portal.bsu.edu.ph:8083/index.php/BRJ/article/view/379

Recto, J. V. (2024, August). Kakayahan sa Pagbigkas, Palatuldikan at Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino. icce. https://icceph.com/wp-content/uploads/2024/08/kakayahan-sa-pagbigkas%5ej-palatuldikan-at-pag-unawa-sa-pagbasa-sa-filipino.pdf

Rizaldi, F. M. (2022). Identification of Students' Difficulty in Writing Expository Sssay. e-journal of elts.

Rumusud, M. A. (2022). Exploring the Structural Form and Interpretation in Writing Selected Tanaga. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 228-238. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/141

Said, A. (2023). Introduction to arithmetic coding--theory and practice. *arXiv preprint arXiv:2302.00819*. https://arxiv.org/abs/2302.00819

Salgado, M. G. (2024). Kasanayan sa ortograpiyang Filipino, katatasan, at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School. https://philpapers.org/rec/SALKSO-2

Sanggawa, J. L., Santiago, M. B., Santos, R. T., Sapdoy, E. E., & Eguia, M. L. G. (2024). Antas Ng Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikatlong Baitang Ng Klaster 5. https://cognizancejournal.com/vol4issue12/V4I1231.pdf

Sari, P. (2021). Students' expository writing: a case study in paragraph writing class. English Journal Literacy Utuma

Schraw, G., & Moshman, D. (2015). Metacognitive theories. *Educational Psychology Review*.

Tuburan, A. T. (2025). Writing Proficiency in Narrative Texts Among Filipino 9 Students for the development of E-SIPAT. International Journal of Arts, Sciences and Education.

Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. *Journal of Indigenous Languages*, *1*(1), 1-29. https://journals.jozacpublishers.com/jil/article/view/461

Velasquez, A. J. (2023, july 13). Retrieved from Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag aaral: Piling Balbal na: http://journals.jozacpublishers.com/jilhttps://cnnphilippines.com/news/2020/5/3/journalism-World PressFreedom.html?fbclid=IwAR3atwW-

Xiao, G., & Chen, X. (2015). English academic writing difficulties of engineering students at the tertiary level in China. World Transactions on Engineering and Technology Education.